Australian Government

Department of Home Affairs

# Privacy notice

# Paunawa tungkol sa Pagkapribado

Form

**1442i TAG**

TAGALOG

Kabilang ng Department of Home Affairs (Kagawaran ng mga Ugnayan sa Tahanan) (ang Kagawaran) ay ang Australian Border Force (Lakas sa Hangganan ng Australya).

*Ang Privacy Act 1988 (Batas sa Pagkapribado ng 1988)* (Batas sa Pagkapribado) ay nag-uutos sa Kagawaran na ipabatid sa tao ang ilang mga natatanging bagay kapag nangongolekta ito ng kanilang personal na impormasyon.

Ang Kagawaran ay naglathala ng kanilang Privacy Policy (Patakaran sa Pagkapribado), na naglalaman ng impormasyon tungkol sa paraan ng pagtupad sa Australian Privacy Principles (Mga Prinsipyo sa Pagkapribado ng Australya) na itinakda ng Batas sa Pagkapribado, at partikular, ang impormasyon tungkol sa:

- paano mo ma-access ang iyong personal na impormasyon na nasa Kagawaran
- kung paano mo maaaring maitugma ang impormasyon
- paano ka makapagreklamo tungkol sa pagsuway sa Australian Privacy Principles, at kung paano gagawin ng Kagawaran sa ganitong klaseng reklamo.

Ang Patakaran sa Pagkapribado ay maaaring makita sa:
**https://www.homeaffairs.gov.au/access-and-accountability/our-commitments/privacy**

Karagdagan nito, marami sa aming mga porma na maaaring kompletuhin mo, ay kaugnay sa mga natatanging layunin, na naglalaman ng mga natatanging paunawa tungkol sa aming mga kapangyarihang mangulekta at kung ano ang aming gagawin sa iyong personal na impormasyon. Maaari ka ring mabibigyan ng mga natatanging paunawa ng pagkakolekta sa oras na gumagamit ka ng isang serbisyo o nagbibigay ng iyong personal na impormasyon sa Kagawaran.

Ang Privacy Notice (Paunawa tungkol sa Pagkapribado) ay nagpapaliwanag sa pagkakalap ng Kagawaran ng mga personal na impormasyon, at ito ay pandagdag sa mga nilalaman nitong natatanging mga paunawa.

## Ang Kagawaran – sino kami/ano ang aming ginagawa

Ang Kagawaran ay may pananagutan para sa imigrasyon at pandarayuhan (kasama ang seguridad ng mga hangganan, pagpasok, paninirahan at mga kaayusan sa pagpaalis ng mga di-mamamayan); adwana at pamamahala sa hangganan (liban pa sa kwarantina at inspeksyon); pagkamamamayan; mga ugnayang ethniko; pambansang seguridad; koordinasyon sa patakaran tungkol sa cyber; koordinasyon sa mapeligrong proteksyon ng imprastraktura; pamamahala ng emerhensya sa Komonwelt; mga kaayusan sa paninirahan ng mga migrante at pangmakataong pagpapasok; edukasyon para sa mga matatandang migrante; patakaran sa pagtutulong, pagsasalba at pagbabawas sa lahat ng mga panganib at pang-pinansyal na tulong.

## Mga detalye ng pagkontak

Ang buong mga detalye ng pagkontak ay maaaring makita sa aming website sa **www.homeaffairs.gov.au**

Kung sa paniwala mo na hindi tama ang pagkakolekta o pamamahala ng iyong impormasyon, maaari mong:

- kumpletuhin ang porma ng pagpuna sa online sa **www.homeaffairs.gov.au/feedback** o
- sumulat sa: The Manager<br>Global Feedback Unit<br>GPO Box 241<br>Melbourne VIC 3001<br>Australia

## Pangungolekta ng personal na impormasyon

### Ano ang personal na impormasyon?

Ang Batas ng Pagkapribado ay nagsasabi na ang personal na impormasyon ay impormasyon o isang opinyon tungkol sa isang indibidwal na maaaring makilala (maging ito man ay totoo o nakatala sa isang porma o hindi).

Nangungolekta din kami ng mga sensitibong impormasyon na kasama ng personal na impormasyon ayon sa sa Batas ng Pagkapribado bilang impormasyon o opinyon, na masasabing isa ring personal na impormasyon, tungkol sa pinanggalingang lahi o etniko ng isang tao, mga opinyon sa politika, pagkasanib sa isang samahan sa politika, paniniwala sa relihiyon o mga pagkikisama, mga pinaniniwalaang pilosopya, pagmimiyembro sa samahang propesyonal o trabaho, pakikisali sa unyon ng trabaho, sekswal na kina-aangkupan o ginagawa at paguulat sa krimen. Kasali rin sa sensitibong impormasyon ang impormasyon sa kalusugan at kaangkanang impormasyon (genetic) tungkol sa indibidwal at ng mga natatanging pisikal na katangian (biometric) na impormasyon. Kasama sa mga biometric na impormasyon ang elektronikong kopya ng iyong mukha, mga bakas ng daliri, kulay ng mata, palad, lagda o boses.

Ang batas na inilalapat sa Kagawaran ay nagtatangi ring pinoprotektahan ang ilang uri ng impormasyon na maaari ring personal na impormasyon, katulad ng personal na pagkakakilanlan (ayon sa kahulugan ng *Migration Act 1958 (Batas sa Migrasyon 1958)* at *Australian Citizenship Act 2007 (Batas sa Pagkamamamayan ng Australya 2007)*), at impormasyon sa Imigrasyon at Pagpoprotekta sa Hangganan (sa kahulugan ng *Australian Border Force Act 2015 (Batas ng Lakas sa Hangganan ng Australya 2015)*, at iba pa.

Para sa karagdagang impormasyon na tanging nakaugnay sa mga personal na pagkakakilanlan, tingnan ang pormang 1243i Your personal identifiers sa
**https://immi.homeaffairs.gov.au/form-listing/forms/1243i.pdf**

### Sino ang pinagkukunan namin ng iyong personal na impormasyon?

Sa karamihang mga kaso, kokolektahin namin ang iyong personal na impormasyon nang direkta mula sa iyo o isang taong hinirang mo (halimbawa, isang ahente o ang iyong doktor).

Sa ilang mga kaso, ito ay maaaring kolektahin sa iyo sa pamamagitan ng isang otomatikong sistema. Halimbawa, ang Kagawaran ay gumagamit ng mga sistemang SmartGate sa mga internasyonal na paliparan na mangulekta ng personal na impormasyon (katulad ng mga litrato ng mukha) mula sa iyo.

Kami ay nangungolekta rin ng iyong personal na impormasyon mula sa hanay ng mga ahensya ng estado o teritoryo (partikular ang mga ahensya sa pagpapatupad ng batas) at mga pamahalaang banyaga na may kaugnay sa mga ibat-ibang batas ng Australya at mga pambansa o pang-internasyonal na kasunduan.

Ang personal na impormasyon ay makukulekta at magagamit din para sa ngalan namin ng mga nakakontratang tagapagbigay ng serbisyo. Kabilang sa mga halimbawa ang mga pansuportang serbisyo sa mga detinido ng imigrasyon, serbisyong pangmedical at pagbibigay ng Adult Migrant English Program (Programa na matuto sa Pag-Ingles ang mga May-edad na Migrante) (AMEP). Ang kagawaran ay nag-uutos sa lahat ng mga kontratista na sumunod sa Batas ng Pagkapribado maging sila man ay nasa Australya o sa ibayong-dagat.

Maaari din kaming mangolekta ng personal na impormasyon tungkol sa iyo na nasa pampublikong pagkalathala at sa internet.

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2025

### Pangongolekta ng iyong personal na impormasyon na kailangan o otorisado ng batas

Ang Kagawaran ay may malawak na gawain at kakayahan tungkol sa pangangalap, paggamit at pagbubunyag ng personal na impormasyon, na karamihan nito ay itinakda sa mga natatanging batas ng Komonwelt. Karagdagan nito, ang pangangalap ng personal na impormasyon ng Kagawaran ay tumutupad ng Batas sa Pagkapribado.

Nasa ibaba ang isang balangkas ng mga batas na karaniwang ipinapatupad namin sa pangungulekta ng personal na impormasyon.

#### *Migration Act 1958 (ang Batas sa Migrasyon 1958)*

Kami ay otorisado sa ilalim ng Batas sa Migrasyon na mangungulekta ng personal na impormasyon, at sa ilang sitwasyon ang mga personal na pagkakakilanlan (katulad ng mga bakas ng daliri o marka ng kamay, litrato o lagda, at iba pang mga bagay). Halimbawa, maaaring makulekta ang mga ito:

- para sa mga layuning pag-aaplay ng visa
- kaugnay sa mga kapangyarihang maghanap at manghuli sa ilalim ng Batas ng Migrasyon, o
- kung ang tao ay pumapasok o lumalabas sa Australya (halimbawa, pasaporte o visa o katunayan ng pagkakakilanlan).

#### *Ang Australian Citizenship Act 2007 (Batas sa Pagkamamamayan ng Australya ng 2007)*

Kami ay otorisado sa ilalim ng Batas sa Pagkamamamayan na mangulekta ng personal na impormasyon (pati ang mga personal na pagkakakilanlan (identifiers) upang matiyak na natutugunan ng tao ang mga kinakailangan sa pagkamamamayan.

#### *Immigration (Guardianship of Children) Act 1946 (Batas ng Imigrasyon (Pagbabantay sa mga Bata) ng 1946)* (ang IGOC Act)

Sa ilalim ng Batas ng IGOC, at ang kanyang mga alituntunin, ang Ministro ang tagapagbantay ng mga natatanging hindi mamamayang mga menor de edad na walang kasama, na dumating sa Australya na walang-kasamang magulang o kamag-anak na may edad na 21 taon o mahigit pa (kilala bilang IGOC Minors). Upang makatulong sa mga katungkulan ng pagbabantay, ang Batas ng IGOC ay nagpapahintulot sa Ministro na ipagawa ang kanyang kapangyarihan at katungkulan bilang tagapagbantay (guardian) sa opisyal sa Pamahalaang Australya o sa estado/teritoryo (tinukoy na bilang mga kinatawan ng IGOC). Ang mga pumapayag at nababagay na mga tao o samahan ay maaari ring hirangin bilang mga tagapagbantay (custodians) ng mga wala pang sapat na gulang (minors) para sa IGOC. Sa pangkalahatan, ang isang 'custodian' ay dapat makapagbigay ng mga kinakailangan para sa kapakanan at pagka-alaga ng isang bata na nasa kanilang kustodiya. Upang matiyak ang kapakanan at pagka-alaga sa mga batang nasa ilalim ng Batas ng IGOC, ang Kagawaran ay nangungulekta ng personal na impormasyon tungkol sa mga wala pang sapat na edad sa IGOC at ang kanilang mga tagapagbantay (custodian). Kung kinakailangan, at sang-ayun sa Batas ng Pagkapribado, ang Kagawaran ay maaaring magsiwalat ng personal na impormasyon sa, at mangulekta ng impormasyon mula sa mga may katungkulan sa estado/teritoryo kasama na ang mga ahensya para sa kapakanan ng bata, mga kinatawan ng IGOC, tagabantay, magulang, tagapag-alaga, kamag-anak, at mga iba pang ahensya ng Pamahalaan sa Australya.

#### *Customs Act 1901* (Customs Act) and *Excise Act 1901 (Batas ng Adwana 1901* (Batas ng Adwana) at ang *Batas ng Buwis sa Produkto 1901)* (Batas ng Buwis sa Produkto)

Ang Kagawaran ay nangungolekta ng ibat-ibang mga personal na impormasyon sa ilalim ng Batas ng Adwana at sa Batas ng Buwis sa Produkto bilang ginagampanan naming papel sa pagpoprotekta ng mga hangganan ng Australya at pagtitiyak ng paniningil sa mga buwis sa hangganan. Kasama rito ang impormasyon na kaugnay ng mga dumadaong na mga pasahero at tripulante ng mga barko at eroplano.

#### *Maritime Powers Act 2013 (Batas ng mga Kapangyarihan sa Karagatan 2013)* (Batas ng mga Kapangyarihan sa Karagatan)

Kami ay otorisado sa ilalim ng Batas ng mga Kapangyarihan sa Karagatan sa pagpaganap ng aming kapangyarihan sa karagatan na mangungolekta ng personal na impormasyon. Ang mga kapangyarihang ito ay sumusuporta sa pagpapatupad ng mga batas ng Australya na kaugnay sa karagatan, pati ang mga may kaugnayan sa iligal na pangingisda ng mga banyaga, adwana, pagkontra sa terosismo sa dagat, migrasyon, kwarantina at pagbebenta ng mga druga at ganoon din sa mga internasyonal na kasunduan at kaayusan sa dagat.

#### *Immigration (Education) Act 1971 (Batas sa Imigrasyon (Education) ng 1971)* (Batas sa Imigrasyon (Education))

Kami, at ang mga tagapagbigay ng AMEP para sa ngalan ng Kagawaran, ay otorisadong mangolekta ng hanay ng personal na impormasyon upang matiyak na ang tao ay tumutugon sa mga pangangailangan sa kwalipikasyon ng AMEP sa ilalim ng Batas ng Imigrasyon (Education).

### Pangungulekta ng iyong personal na impormasyon sa ilalim ng Batas ng Pagkapribado

Kinikilala ng Batas ng Pagkapribado na ang personal na impormasyon (pati ang sensitibo) ay maaari naming kolektahin ng Kagawaran sa ilalim ng isang batas sa Australya – may mga halimbawa sa itaas.

Ang Batas ng Pagkapribado ay nagsasabi din na ang personal na impormasyon, maliban sa sensitibong impormasyon, ay maaaring kolektahin kung ang impormasyon ay resonableng nararapat para sa o kaugnay ng isa mga tungkulin o aktibidad ng Kagawaran.

Tungkol sa pangungolekta ng sensitibong impormasyon, ang Batas ng Pagkapribado ay nagbibigay ng permiso sa Kagawaran na mangolekta ng sensitibong impormasyon sa mga natatanging kalagayan, kabilang ang:

- kung pumapayag ka at ang impormasyon ay may-dahilang talagang kinakailangan para sa, o direktang kaugnay ng isa sa mga tungkulin o aktibidad ng Kagawaran, o
- ang pangungolekta ay resonableng kinakailangan para sa, o direktang kaugnay sa isa o mas marami pang mga aktibidad sa pagpapatupad.

### Ang layunin kung bakit nangungolekta kami ng iyong personal na impormasyon

Napakalawak ang aming mga tungkulin at aktibidad, sinasakop nito ang mga tungkulin na nakalista sa 'Ang Kagawaran – sino kami/ ano ang aming ginagawa' na mga seksyon na matutunghayan sa pamamagitan ng 'About us' na opsyon sa **website** ng Kagawaran sa **Who we are (homeaffairs.gov.au).**

Magiging mahirap ilista ang lahat na natatanging layunin kung bakit kami ay nangungulekta ng personal na impormasyon, ngunit kasama rito ang mga sumusunod na layunin:

- Visa at migrasyon
- Adwana, buwis sa produkto at pagbubuwis
- Refugee at makataong pagtulong
- Mga serbisyo ng paninirahan
- Programa sa Pag-Ingles ng mga May-edad na Migrante
- Pamamahala sa hangganan
- Pagpapatupad sa visa
- Kalagayan sa imigrasyon o pagkadetenido
- Pagkamamamayan
- Pagpapatupad sa batas
- Pambansang Seguridad
- Pamamahala sa emerhensya ng Komonwelt
- Pagkaka-empleyo


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2025

Ang iyong personal na impormasyon ay gagamitin para sa una o pangalawang layunin sa pangangalap kung saan man ito pinapayagan ng Batas sa Pagkapribado o may otorisado ng lehislasyon.

### Ang mga kahihinatnan kung ang iyong personal na impormasyon ay hindi makolekta ng Kagawaran

Kung hindi nakulekta ang iyong personal na impormasyon, maaaring hindi namin mapoproseso ang iyong aplikasyon (katulad ng iyong aplikasyon para sa visa), matasa ang iyong kwalipikasyon para sa aming mga serbisyo, o matugunan ang aming mga obligasyon sa batas, mga obligasyon sa pangangalaga (duty of care) o ang mga pangdaigdigang pangako ng Australya. Maaari itong magresulta ng hindi pagpapayag sa inyo na pumasok sa Australya, tatanggihan ang iyong aplikasyon o hindi magiging karapat-dapat para sa mga serbisyo (at mga iba pang bagay).

## Pagbubunyag ng Personal na Impormasyon

Ang personal na impormasyon na aming nakalap para sa mga layunin ng aming mga tungkulin at aktibidad ay maaaring maibunyag sa mga ikatlong partido at mga ibang ahensya ng pamahalaan sa ilalim ng mga sitwasyon sang-ayon sa Batas ng Pagkapribado. Nasa ibaba ang mga pinakakilalang na kategorya.

### Pagbubunyag para sa mga hinirang na kinatawan

Maaari kang maghirang ng isang tao na maaari naming isiwalat ang iyong personal na impormasyon, katulad ng isang miyembro ng pamilya, ahente ng migrasyon, customs broker, padrino o ang kumakatawan sa iyo na abogado.

### Pinahintulutang pagbubunyag

Kami, sa ilang mga kalagayan, ay nahirang o nabigyan ng permiso sa ilalim ng batas sa Australya na makakapagbunyag ng personal na impormasyon, kabilang ang mga ahensya ng Pamahalaang Australyano, estado at teritoryo.

Ang pinakamahalagang probisyon sa pagpapahayag sa mga lehislasyon ng Kagawaran ay ang Bahaging 4A sa Batas ng Migrasyon, seksyon 43 sa Batas ng Pagkamamamayan at ang Bahaging 6 sa *Australian Border Force Act 2015*.

Kabilang sa mga halimbawa ang mga pagbubunyag upang makatulong sa pagpapatunay ng iyong pagkakakilanlan, pagpapatunay sa mga pagkakatutoo ng mga dokumento na ibinigay mo sa amin o sa ibang ahensya, o ang paggawa ng pagkakapareho ng mga datos o ang pagtulong sa ahensya na gumawa ng kanilang sariling pagpapatupad o mga ibang pagpapatupad ng batas.

### Pagbubunyag para sa mga ibang ahensya ng pamahalaan

Kasama sa mga ahensya ng Pamahalaan na maaari naming isiwalat ang personal na impormasyon, ngunit hindi limitado sa:

- Ang Services Australia, para sa mga layunin ng legislasyon tulad ng *Social Security Act 1991 (Batas sa Seguridad ng Lipunan ng 1991)*, ang *Child Support (Assessment) Act 1989 (Batas sa Suporta ng Bata (Pagtatasa) ng 1989)* at *Child Support (Registration and Collection) Act 1988 (Batas sa Suporta ng Bata (Rehistrasyon at Koleksyon) ng 1988), Health Insurance Act 1973 (Batas sa Paseguro ng Kalusugan ng 1973)* at ang *Taxation Administration Act 1953 (Batas sa Pamamahala ng Pagbubuwis ng 1953)*
- Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Lipunan
- Ang Department of Agriculture, Fisheries and Forestry, na mamamahala sa sistema biyolohikal na seguridad ng Australya at para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng *Biosecurity Act 2015, Export Control Act 2020, Imported Food Control Act 1992 (Batas sa Biyolohikal na Seguridad ng 2015, Batas sa Pagkontrol ng Kalakal-Panluwas ng 2020, Batas sa Pagkontrol sa Importasyon ng Pagkain ng 1992)* at *Illegal Logging Prohibition Act 2012 (Batas sa Pagbabawal ng Labag sa Batas na Pagtotroso ng 2012)*
- Ang Therapeutic Goods Administration, para sa mga layunin ng *Therapeutic Goods Act 1989 (Batas sa mga Nakakapagpatahimik na mga Bagay ng 1989)*
- Ang Sport Integrity Australia, para sa mga layunin ng Pambansang Paraan Laban sa Pagdudroga
- Ang Department of Education, para sa mga layunin ng paggawa ng batas tulad ng *Education Services for Overseas Students Act 2000 (Batas sa mga Serbisyo ng Edukasyon para sa mga Estudyante mula sa Ibayong-Dagat ng 2000)*
- Ang Department of Employment at Workplace Relations, para sa mga layunin ng lehislasyon sa ilalim ng *Work Health and Safety Act 2011 (Batas ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ng 2011)*, pagkakapareha ng mga impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pagkaka-empleyo at  malaman ang anumang epekto ng isang panukalang bahagi sa lugar ng trabaho sa merkado ng pagtatrabaho sa Australya; at para sa mga layunin na kaugnay sa paglikha ng programa at ang inisyatiba at patakaran sa konektadong pamimili ng Australian Skills Guarantee
- Ang Department ng Veterans' Affairs, para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng *Veterans' Entitlements Act 1986 (Batas sa mga Benepisyo ng mga Beterano ng 1986)*
- Ang Australian Taxation Office, para sa mga layunin ng *Income Tax Assessment Act 1997 (Batas sa Pagtatasa sa Buwis ng Sahod ng 1997)* at iba pang mga batas sa pagbubuwis
- Ang Department of Foreign Affairs and Trade, para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng *Australian Passports Act 2005 (Batas sa mga Pasaporte ng Australya ng 2005)* at upang makakuha ng impormasyon tungkol sa mga bansa para sa pagpoproseso ng protection visa, at patungkol sa anumang dayuhang pasaporte na maaari kang may karapatan na humawak bilang may dalawang bansang pagkamamamayan
- Ang Department of Defence, para sa pamamahala ng sektor ng mga programa ng student visa sa Tanggulan at para sa mga layunin ng *Defence Trade Controls Act 2012 (Batas sa mga Pagkontrol sa Kalakalan sa Tanggulan ng 2012)*
- Ang Attorney-General's Department, para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng the *Criminal Code Act 1995 (Batas sa Kodigo Tungkol sa Kriminalidad ng 1995)*
- Ang Department of Climate Change, Energy, the Environment and Water, para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng the *Environment Protection and Biodiversity Conservation Act 1999, Ozone Protection and Synthetic Greenhouse Gas Management Act 1989, Hazardous Waste (Regulation of Exports and Imports) Act 1989 (Batas sa Pagprotekta ng Kapaligiran at Pagkonserba sa Pagkaiba-iba ng Biyolohika ng 1999, Batas ng Pagprotekta ng Ozone at Pamamahala ng Sintetikong Greenhouse Gas ng 1989, Batas ng Pamamahala sa mga Mapanganib na Basura (Regulation of Exports and Imports) ng 1989)*, the *Recycling and Waste Reduction Act 2020* and the *Product Emissions Standards Act 2017 (Batas ng Paggamit-muli at Pagbabawas ng Basura ng 2020* at ang *Batas sa mga Batayan sa Pagpapasingaw ng Produkto ng 2017)*
- Ang Department of Infrastructure, Transport, Regional Development, Communications and the Arts, para sa mga layunin ng lehislasyon tulad ng *Road Vehicle Standards Act 2018 (Batas sa mga Pamantayan ng mga Sasakyan sa Daan ng 2018)*
- Ang Australian Electoral Commission, para sa mga layunin ng *Commonwealth Electoral Act 1918 (Batas sa Halalan ng Komonwelt ng 1918)*
- Ang Australian Bureau of Statistics, para sa Person Level Integrated Data Asset at istadistika tungkol sa pagdating at paglabas ng mga internasyonal na biyahero ng Australya
- Ang Department of Industry, Science and Resources, para sa mga layunin ng mga pamamaraan sa konsesyon
- Ang Australian Pesticides and Veterinary Medicines Authority, para sa mga layunin ng *Agricultural and Veterinary Chemicals (Administration) Act 1992 (Batas sa mga Kemikal na Pang-Agrikultura at Pang-Beterinarya (Administrasyon) ng 1992)*

© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2025

### Pagsisiwalat para sa mga kaugnay na aktibidad ng pagpapatupad

Kami ay nagsisiwalat ng personal na impormasyon para sa Pamahalaan ng Australya, estado at teritoryo) at sa mga ahensyang dayuhan na nagpapatupad o mga lupon na may pagkaresonableng kinakailangan na may kaugnayan sa aktibidad ng pagpapatupad o sa ngalan ng isang lokal na lupon ng pagpapatupad, kasama ang paghahadlang, pagtuklas, pag-iimbestiga at pag-uusig o pagpaparusa sa isang kasalanang krimen. Kasama rin ang mga aktibidad na kaugnay sa pagpapatupad, ang pagtulong sa paghahanda para sa, o paggawa ng, mga paglilitis sa anumang korte o tribyunal (pati ang mga paglilitis sa korte ng Coroner).

### Pagsisiwalat sa mga otoridad at opisyal ng batas

Isisiwalat namin ang personal na impormasyon sa mga nagpapatupad na ahensya katulad ng:

- Commonwealth Ombudsman
- Office of the Australian Information Commissioner
- Australian National Audit Office
- Australian Human Rights Commission
- Fair Work Ombudsman
- Pamaraan sa Pagpapakilala ng mga Pang- industriyang Kemikal ng Australya

### Mga pagsisiwalat na kaugnay sa kalusugan at kaligtasan

Ang iyong personal na impormasyon ay maaaring maibigay sa mga ahensya ng kalusugan ng pamahalaan at sa mga nagbibigay ng serbisyo kaugnay sa kalagayan ng visa at sa pamamahala ng mga panganib sa pangkalusugan ng publiko.

Ang iyong personal na impormasyon ay maaari ring isiwalat sa mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa Australya o mga serbisyong pang-emerhensya kung saan ang pagsisiwalat ay kinakailangan upang maibsan o mahadlangan ang seryosong banta sa buhay, kalusugan o kaligtasan ng sinumang tao, o ang kalusugan at kaligtasan ng publiko.

### Pagsisiwalat – iba pa

Sa pangkalahatan, ang Kagawaran ay maaaring magsisiwalat ng personal na impormasyon sa hanay ng mga ahensya ayon sa Batas sa Pagkapribado, kabilang ang:

- mga ahensya at grupo sa edukasyon at pagkaka-empleyo kaugnay sa pagbibigay ng pagsasanay o pag-aaral sa Australya
- mga taga-empleyo o tagapagtustos ng manggagawa tungkol sa estado ng migrasyon, mga benepisyo sa trabaho at ang iyong visa
- mga nakontratang tagapag-bigay ng serbisyo, kabilang ang nasa ilalim ng Programa sa Humanitarian Settlement, Programa sa Australian Cultural Orientation at Programa sa Assisted Passage
- United Nations High Commissioner for Refugees
- Australian and International Red Cross Societies
- mga pasilidad ng kulungan sa estado at teritoryo upang makatulong sa paglilipat at mapatunayan ang katayuan sa imigrasyon
- mga ahensya at samahan para sa kapakanan ng mga bata sa estado at teritoryo
- mga iba pang embahada, mataas na komisyon at konsulado
- Ang mga ahensya at nakontratang taga-labas at mga grupong nagsasaliksik sa mga layuning pag-aaral, pagsisiyasat at pagsusuri para paggawa ng mga patakaran at/o pagbuo at/o pagpahusay ng programa
- Ang mga ahensya at samahan ng pamahalaang Australya at mga internasyonal na samahan na may ginagampanang papel sa pagkokoordinasyon sa mga malalaking internasyonal na kaganapan katulad ng mga malalaking kompetisyon sa isport at mga pagpupulong ng mga pinuno ng mga bansa at
- mga konseho sa lokal na pamahalaan, organisasyon at opisyal ng mga pamahalaan na may ginagampanang papel sa pagkamamamayan at mga kaugnay na paggawad at kaganapan.

### Pagsisiwalat sa mga tumatanggap na taga-ibayong-dagat

Dahil sa uri ng kanyang mga gawain at aktibidad, ang Kagawaran ay maaari ring magsiwalat ng personal na impormasyon sa mga nakakatanggap sa ibayong dagat.

Sa karamihan ng mga kaso, ito ay ang pagsisiwalat sa mga opisyal na nasa/mula sa iyong pinanggalingang bansa o ang karaniwang tinitirahan (maliban kung naghahabol para sa iyong proteksyon laban sa mga bansang iyon at naghihintay ng pagkapinal ng pagtatasa ng mga paghahabol na ito). Kami ay magsisiwalat din ng iyong personal na impormasyon sa mga bansa o organisasyon na may mga kasunduan sa Australya. Kabilang dito ang United Kingdom, New Zealand, Canada at ang United States of America, at gayun din sa mga internasyonal na samahan na nakalista sa itaas bilang ‘Disclosure – other’.

| | |
|---|---|
| *Home page* | **www.homeaffairs.gov.au** |
| *Pangkalahatang mapagtanungang telepono* | Maaari mo kaming makontak sa aming Global Service Centre (Pandaigdigang Sentro ng Serbisyo (GSC)), Lunes hanggang Biyernes, ika- 9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa oras ninyo. Ang GSC ay nakasara sa mga Pambansang Fiesta Opisyal ng Australya.<br>**Sa Australya, tumawag sa:** 131 881<br>**Sa labas ng Australya, tumawag sa:**<br>+61 2 6196 0196 |


© COMMONWEALTH OF AUSTRALIA, 2025